

MGA ORDINASYON AT KONSAGRASYON SA EL PALMAR DE TROYA

Buwan ng Disyembre 1975 sa Palmar de Troya, at ang Simbahan ay nagsimulang bumangon mula sa disyerto! Ang 2,300 araw na inanunsyo ni Propetang Daniel tungkol sa pagpapawalang-bisa ng Perpetwal na Sakripisyo sa pamamagitan ng pagpataw sa taong 1969 ng imbalidong ‘*novus ordo*’ na misa, ay magtatapos na!



Si San Pedro Martin Ngô-din Thuc, Arsobispo Titulado ng Bulla Regia, dating ng Hue, Vietnam, ay dumating sa Palmar de Troya, Sevilla, Espanya, noong ika-24 ng Disyembre sa taong 1975, na dinala ng isang Pari na kanyang kakilala. Sa sumunod na araw, ika-25 ng Disyembre, Araw ng Pasko, nagdaos siya ng Banal na Misa sa “Lentisko”. Pagkatapos ng Misa, ang Kabanal-banalang Birheng Maria ay nagpakita sa seer na si Clemente Domínguez y Gómez at ibinigay sa kanya ang sumusunod na Mensahe, na tinutukoy ang Arsobispo: “*At gayunpaman, hinihiling ko sa iyo ang isang espesyal na biyayang kinakailangan sa Sagradong Lugar na ito: ANG*



KONSAGRASYON NG BAGONG MGA OBISPO AY KINAKAILANGAN. HIGIT NA KAILANGAN! HIGIT NA KAILANGAN! MADALIAN!... Ito ang gawaing tumutugma sa iyo sa iyong katandaan: kagalang-galang na nakatatanda, Doktor ng Simbahan. Isang dakilang araw para sa Palmar de Troya at para sa kanya, kung tatanggapin niya ang Kalooban ng Diyos... At ang kanyang kabanalan ay dapat sumikat bilang halimbawa at kabutihan para sa buong Komunidad.” Humingi si San Pedro Martin ng isang palatandaan ng katotohanan ng Mensahe. Inilagay ng seer ang Batang Hesus sa mga bisig ng Arsobispo, na naramdaman ang buong bigat ng Banal na Bata, at labis na humanga.


Kaya pagkatapos, ganap na kumbinsido na ang kanyang misyon sa El Palmar ay upang isagawa ang mga ordinasyon at mga konsagrasyon, sa gabi ng Bisperas ng Bagong Taon, ang ika-1 ng Enero 1976 na nagsimula na, si San Pedro Martin, sa Lentisko ng El Palmar de Troya, ay inordenan bilang mga Pari ang limang mga miyembro ng Orden ng Carmelitas ng Banal na Mukha, kabilang si Clemente

Domínguez y Gómez, ngayon si Papa San Gregoryo XVII ang Napakadakila; Manuel Alonso Corral, ngayon ay Papa San Pedro II ang Dakila; at Paul Fox, sa kasalukuyan ang Kalihim ng Estado.



Ang banal na Arsobispo na ito, sa gabi sa Lentisko ng El Palmar de Troya, nang ang ika-11 ng Enero 1976, ang Kapistahan ng Banal na Pamilya, ay nagsimula, at sa kurso ng Adorasyon Nokturnal, ay kinonsagra bilang mga Obispo sina Padre Clemente Domínguez y Gómez at Padre Manuel Alonso Corral, at tatlong iba pang mga Pari.

Pagkatapos ay kinailangan niyang harapin ang pagsalungat ng mga prelado ng Simbahang Romano, at ipinagtanggol ang legalidad ng kanyang mga aksyon nang napakahusay, dahil siya ay isang Doktor sa Canon Law. Si San Pedro Martin Ngô-dinh Thuc ay gumawa ng isang opisyal na Dokumento sa Latin na may petsang ika-12 ng Enero 1976, nilagdaan at tinatakan, na nagtala ng mga Pag-orden sa Pari at mga Pagkonsagra sa Obispo na ipinagkaloob sa lahat ng nararapat na epekto.




Si San Pedro Martin Ngô-dinh Thuc ay dating Arsobispo ng Hue, primado ng Vietnam. Mga tatlumpung kamag-anak niya ang pinatay ng mga komunista. Ang isang kapatid niya, na tinatawag na Ngô-dinh Diem, ay ang unang pinuno ng pamahalaan ng Timog Vietnam, at noong 1955, makalipas ang isang taon, ay naluklok bilang Pangulo ng bansa, kasama ang kanyang kapatid na si Ngô-dinh Nu bilang Punong Ministro. Pareho silang naantig sa marubdob na pagnanais na gawing modelong Katolikong Estado ang Vietnam. Sa timog ay sumiklab ang isang pag-aalsa na itinaguyod ng

komunismo at sa suporta ng Estados Unidos, at sa taong 1963 si Pangulong Ngô-dinh Diem at ang kanyang kapatid na Punong Ministro Ngô-dinh Nu, ay pinaslang makalipas ang ilang oras kung saan sila ay nakapangumpisal at nagkomunyon sa isang simbahang Katoliko sa Saigon.

Ang Arsobispo ay humingi ng kanlungan sa Roma, Italya, ngunit sa Vatican ay walang nakita kundi mga progresibo, mga freemason at mga komunista. Siya ay isang tao ng panalangin at nagdaraos ng Banal na Tradisyonal na Misa. Sa Palmar de Troya ay dinala niya ang Pinakabanal na Sakramento sa Prusisyon ng Eukaristiya. Siya ay isang dakilang nagmamahal sa Banal na Tradisyon, na labis na nagdusa nang makita ang lagim ng Simbahan sa Doktrina, sa Liturhiya at sa Kristiyanong Moral, at kinilala na ang pagkawasak ng Simbahan ay pinamunuan ng mga nagbabalat kayong mga kaaway.

Espesyal na mga Kapangyarihan: Noong ika-15 ng Marso sa taong 1938, si San Pedro Martin ay pinagkalooban ng napakaespesyal na mga kapangyarihan ni Papa San Pio XI ang Dakila, na nagbigay sa kanya ng awtoridad na mag-orden ng mga Pari at magkonsagra ng mga Obispo nang walang karagdagang pahintulot, ayon sa mga pangangailangan ng Simbahan.

Narito ang teksto ng motu proprio ng Papa, isinalin mula sa Latin:



Pio XI, Papa

Sa bisa ng kapuspusan ng mga kapangyarihan ng Banal na Apostolikong Pamunuan, itinatag namin si Pedro Martin Ngô-dinh Thuc, Obispo Titulado ng Saigon, bilang Aming Sugo, para sa mga layuning alam Namin, kasama ang lahat ng kaukulang mga kapangyarihan.

Ibinigay sa Roma, sa Saint Peter's, noong ikalabinlimang araw ng Marso 1938, sa ikalabing pitong taon ng Ating Papado.

(pirma) Pio XI, Pp

Sa pamamagitan ng Batas na ito ng Banal na Pamunuan, natanggap ni Obispo Pedro Martin Ngô-dinh Thuc ang mga kapangyarihan ng papa na nararapat sa mga Patriarka. Pagkatapos, makaraang madetalye ang lahat ng mga tunay na pambihirang kapangyarihang ito, ipinagpatuloy ng Papa ang lahat ng ito, na nagsabi ng napakataimtim: *“Sa isang salita, ipinagkakaloob Namin sa iyo ang lahat ng kapangyarihan ng papa ng Papa mismo maliban sa mga hindi masasabi ng Banal na Batas.”*

Mga Aparisyon. Gaano karaming mga tao ang nag-alinlangan tungkol sa La Salette, Lourdes, Fátima, pagkatapos ng lahat ng mga pag-apruba na ibinigay ng Simbahan sa mga lugar na ito! Ngayon ang Simbahan, at lahat ng nagnanais na manatili bilang mananampalataya ay umaasa sa isang Aparisyon, isang pambihirang Aparisyon, ngunit isang Aparisyon. At ang napakalaking mayorya ng mga paring Romano ay tumalikod dito. Ngunit bawal bang gawin ng Panginoon ang Kanyang Gusto? Hindi ba Siya ang hindi nakikitang Pinuno ng Simbahan? Ano ang ibig sabihin ng pagiging Pinuno? Na Siya ang namamahala, nag-aayos, nag-uutos, nag-oorganisa, nagpapaliwanag, nagpapadala, nag-aangat at nagpapaganda ng Kanyang Gawain, sa anumang paraan na Kanyang naisin. Paanong ang isang nasasakupan ay maaaring maglakas-loob na sabihin sa Pinuno: 'Hindi mo magagawa iyon', o 'Hindi ko tinatanggap iyon', o 'ito ay dapat gawin sa ibang paraan'. Anong katapangan! Sapagkat ang Pinuno ay maaaring gawin nang eksakto kung ano ang Kanyang nais, sa pamamagitan ng kung sino ang Kanyang nais, kung paano Niya naisin at kung kailan Niya naisin. At kaming mga nagsumikap sa Banal na Gawaing ito ay nagsasabi: *Qui ut Christus et Maria!* Anong mga kababalaghan ang ginawa ng Panginoon sa Lugar na ito! Anong kumpletong pagbabago! Anong mga pagsulong sa doktrina! Anong Banal na Pagsamba! Anong tagumpay laban sa kasamaan! Ang buong napakalaking paggawa ng paglusot at pagsira sa Simbahang Romano ay napakalinis na nabigo ng Panginoon. Sa Roma sila ngayon ay naiwan sa pamamahala ng bangkay, na mas lalong bulok. Ang buong napakalaking paggawa ng katiwalian ng mga Relihiyosong Orden, ang kanilang mga pangkalahatang kabanata sa Roma noong dekada ng 1960 at ang paghina ng kanilang mga Panuntunan, ang buong paggawa



ng katiwalian ng doktrina at ng pagsamba at ng mga Sakramento at ng 'pagmoderno' ng mga simbahan at ng progresibismo at ng mga seminaryo at ng katekismo at ng mga paaralan at ng mga kasal at ng kalaswaan sa simbahan... lahat ay napakalinis na natalo ng Panginoon sa pamamagitan ng paglipat ng Banal na Pamunuan sa Palmar de Troya.

